



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 123 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG DISYEMBRE 16, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 661
Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO, G. FRANCISCO G. MALUBAY, JR.

SAPAGKAT, si G. Franciso G. Malubay, Jr. ay pumanaw noong Disyembre 16, 2024 sa edad na limampu't pitong taong gulang;


SAPAGKAT, siya ay naging kawani ng Pamahalaang Bayan sa loob ng dalawampung taon mula taong 2001 hanggang 2021;


SAPAGKAT, bilang isang kawani, ginampanan niya ang kanyang tungkulin nang may pagmamalasakit at dedikasyon at ang kanyang kabaitan ay naging daan upang siya ay mapalapit sa mga kasamahang empleyado at opisyal sa loob ng pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito, sinikap niyang makatulong sa kanyang kapwa, naging responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na kabiyak, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang maagang paglisan ng dating kapwa lingkod-bayan sa pamahalaang bayan ay nagdulot ng kalungkutan sa bawat isang kanyang nakasama sa pagseserbisyo;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, G. Francisco G. Malubay, Jr.


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, G. Francisco G. Malubay, Jr., ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, at ng mga namumuno at kawani ng pamahalaang bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong G. Francisco G. Malubay, Jr. lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 16 Disyembre 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo

